


MGA TAGUBILIN SA PAG-SWAB SA SARILI

PARA SA ANTIGEN RAPID TEST NG QUIDEL QUICKVUE



HUWAG MAGPATULOY KUNG:



Nakaranas ka ng pagdurugo ng ilong sa loob ng nakalipas na **24 na oras**




Sumailalim ka sa operasyon sa ilong sa nakalipas na **4 na linggo**




Nagtamo ka ng pinsala sa mukha sa nakalipas na **8 linggo**

PAMAMARAAN NG PAG-SWAB


- 1** Pakilinis ang iyong mga kamay bago simulan ang pagsusuri.



- 2** Alisin ang takip ng isang may laman nang tube at ibalik ito sa lalagyan ng tube.




- 3** Tanggalin ang balot ng swab para sa ilong.




- 4** Ipasok ang swab sa butas ng ilong (~1.5cm hanggang 2cm). Ikuskos ang swab sa palibot ng pader ng loob ng bawat butas ng ilong nang hindi bababa sa **4 na beses**. Maglaan ng 15 segundo bago kolektahin ang sample.




- 5** Ilagay kaagad ang swab sa nakabukas na may laman nang tube, at paabutin ito sa ilalim ng tube. **Ihalo o iikot ang swab nang 3 o 4 na beses.**



- 6** Iwan ang swab sa tube nang **hindi bababa sa isang minuto.**



- 7** Kapag tinanggal ang swab sa tube, ikuskos at bahagyang idiin ang ulo nito sa pader ng tube para mapiga nang husto ang likido hangga't maaari. Huwag hawakan ang ulo ng swab. Itapon ang swab sa biohazard bag.




MGA TAGUBILIN SA PAG-SWAB SA SARILI

PARA SA ANTIGEN RAPID TEST NG QUIDEL QUICKVUE

PAMAMARAAN NG PAG-SWAB

- 8 Ihandang ang test strip sa pamamagitan ng pagbubukas sa lalagyan ng strip sa bahaging may markang tear here. Maingat na alisin ang test strip at **hawakan lang ang itaas na bahagi ng strip.**




- 9 Iilagay ang test strip sa nakabukas na may laman nang tube nang nakaturo pababa alinsunod sa direksyon ng mga arrow.




Leave strip in at least 10 minutes!

- 10 **Maghintay nang 10 minuto bago tingnan ang mga resulta sa test strip.**



- 11 Dapat basahin ang test strip sa loob ng 5 minuto pagkatapos itong alisin sa may laman nang tube upang maiwasan ang mga hindi tumpak na resulta. Iilagay ang test strip sa patag na lugar habang ginagawa ito.

Positibong Resulta



Negatibong Resulta



Invalid na Resulta



- Kapag may lumabas na ANUMANG kulay ng pink hanggang pulang Test Line AT asul na linya ng Pagkontrol ng Pamamaraan (procedural Control Line), nagsasaad ito ng **positibong resulta ng pagsusuri.**
- Kapag ang asul na linya ng Pagkontrol ng Pamamaraan (procedural Control Line) LANG ang lumabas, nagsasaad ito ng **negatibong resulta ng pagsusuri.**
- Kung hindi lalabas ang asul na linya ng Pagkontrol (Control Line), kahit na lumabas ang anumang kulay ng pink hanggang pulang Test Line, O kung hindi malinaw ang kulay ng background at humahadlang ito sa pagbabasa ng pagsusuri, **invalid ang resulta.** Pakiulit ang pagsusuri gamit ang isa pang test kit.



Kung sa pagsubok ay positibo o dalawang beses na hindi wasto, manyaring humingi ng medikal na atensyon para sa karagdagang pagsusuri at kumpirmasyon na pagsubok.

- 12 Linisin ang iyong mga kamay pagkatapos ng pagsusuri.

